

1

“Please remain in your seats until we’ve come to a complete stop. Kindly make sure that all your belongings have been taken off the bus. On behalf of *Sun Tours*, I hope you all have a wonderful vacation. Thank you and God bless.” Doon nagtatapos ang tour. Nagpalakpakan ang mga turista. Hindi inaasahan ni Irish Mosqueda na magugustuhan ng mga ito ang kanyang presentasyon. Siya ang tour guide ng grupo. Ilang beses pa nga siyang nabulol. Nakahinga na rin siya nang maluwag. Akala niya talaga may magrereklamo.

Mukhang gustung-gusto ng mga customers ang mga makasaysayang lugar na kanilang pinuntahan. Pinag-uusapan pa iyon ng mga ito habang pababa ng bus.

Naisip ni Irish ang kanyang ama. Kailan kaya siya nito papalakpakan? Kailan kaya ito magiging proud sa kanyang napiling propesyon? Parang imposible yata iyon.

Napatingin siya sa relo. Alas cinco na pala ng hapon, nag-overtime na naman siya sa tour nila.

*Sh*t!* Dapat alas tres lang ay tapos na. Masyado kasi siyang napasarap sa paglalalahad ng mga nangyari sa *Intramuros* at *Luneta Park*.

Naku! Baka hindi niya maabutan ang pinakahihintay na documentary show na ilang araw na niyang inaabangan. Bahagya na lang siya nagpaalam kay Mang Luis, ang driver ng tour bus. Bumaba na siya kaagad at dumerecho sa loob ng opisina.

“Bakit ngayon ka lang, Irish?” Nandoon pala si Mariz, isa sa mga kasamahan niya sa *Sun Tours*. “Nag-overtime ka na naman. Papagalitan ka na naman ni Boss.”

Wala siyang sinabi, pokus na pokus kasi siya. Lumapit agad siya sa telebisyon at binuksan iyon. Nagsisimula na pala ang palabas, mabuti na lang nakaabot siya. Titig na titig siya, hindi niya inilalayo ang mga mata bagaman iniistorbo siya ng kaibigan. Bakit ba siya ganito? Tungkol kasi sa Africa ang dokumentaryo. Pangarap niyang makarating sa Africa.

Oo na, para sa iba masyadong mababaw at walang kuwenta ang kanyang pangarap. Gusto niyang makapunta sa kontinenteng iyon, makita ang mga hayop na malayang nakapamumuhay roon. Sa

mga palabas lamang niya kasi nakikita iyon. She wished to feel the great plains of Africa under her feet. Ibig niyang mapalapit sa kalikasan, malaman ang kasimplehan ng buhay roon. Higit sa lahat, nais niyang makilala ang mga tao roon, maintindihan ang kultura ng mga ito. Kailan niya kaya matutupad ang pangarap?

“Nanonood ka na naman ng tungkol sa Africa,” ani Mariz. “Tuparin mo na nga ’yang gusto mo para hindi ka na laging nanonood ng ganyang shows.”

“Shh... ingay mo. Hindi ko tuloy maintindihan.”

“Hay, ikaw ang hindi ko maintindihan. Kayangkaya mo namang pumunta diyan sa tulong ng—”

“Huwag na huwag mong babanggitin ang pangalan niya.” Nagbago na ang mood ni Irish. Alam niya naman kung sino ang pinatutungkulan ng kaibigan, ang kanyang ama.

May punto si Mariz. Isa ang kanyang ama sa pinakamayayamang tao rito sa Pilipinas, si Maximus Mosqueda. Puwede niya itong hingan ng budget para sa binabalak na paglalakbay sa kontinente ngunit hindi ganoon kadali iyon. Malamang ipipilit lang nito sa kanya na pamunuan ang mga negosyo ng pamilya nila. Ang kaso, ano ba ang malay niya sa

stock exchange, sa construction? Paglalakbay lamang ang alam niyang gawin.

She looked at Mariz. “Sorry kung tumaas ang boses ko. Ikaw naman kasi, panira ng trip.”

“Okay lang. Alam ko naman din kung bakit ka nagkakaganyan sa tuwing nababanggit siya. Irish, you can’t run away forever. Kailangan mo pa din ang ama mo, ipaintindi mo na lang kasi sa kanya ang gusto mo.”

“Madaling sabihin, mahirap gawin. Kung alam mo lang ang ugali ni Papa, mas matigas pa ang ulo niya sa hollow blocks.”

“Talaga? Sabagay, iyon nga ang chismis tungkol sa kanya. Oo nga pala, kanina ka pa hinahanap ni Boss. Pumunta ka sa loob, may mahalaga yatang sasabihin sa ’yo.”

“Ha? Bakit naman?” lisa lang ang naiisip niyang dahilan, papagalitan na naman siya nito dahil overtime ang tour niya. Ipinangako pa man din ni Irish na hindi na mauulit iyon subalit hindi niya pala kaya. Dapat yata ihanda niya ang mga tainga.

“Basta... ang sabi niya lang kasi, papuntahin ka kaagad sa opisina kapag tapos ka na sa tour. Pumunta ka na doon, baka ma-badtrip pa ’yun sa ’yo.”

Speaking of the devil, bumukas nga ang pinto ng opisina. Si Mr. Corona ang bumungad sa kanila, ang boss nila. Kinakabahan si Irish, baka pagalitan na naman siya nito. Galit kaya ang masungit na amo? Inobserbahan niya ang mukha nito pero wala siyang maaninag na kahit ano. Mas lalo tuloy siyang hindi mapakali. Hindi na niya naipagpatuloy ang panonood. Sa pagpasok nito, sumunod na siya.

“Miss Mosqueda, take a seat.”

She closed the door and sat in one of the chairs in front of him. “Ipinapatawag n’yo daw po ako, Sir?” Halata sa pananalita niya na nininerbyos siya.

“Oo, may mahalaga akong sasabihin sa ’yo. I was expecting to see you two hours ago. Nag-overtime ka na naman.”

Patay! Wala siyang lusot. Totoo ang mga sinabi nito, alangang magsinungaling pa siya. Siguradong may ebidensya naman ang matandang boss.

“Sir, gusto ko lang kasi na ma-satisfy ang mga customers natin. I know it’s against the company’s policy, na dapat may dagdag bayad sa atin kung mag-overtime pero siguradong malaki ang maitutulong ng ginawa ko. They’ll recommend our company to their friends. Siguradong tayo ang kukuhanin kung

sakaling mag-travel dito sa Pilipinas. It's a strategy.”

“Wala naman akong sasabihin tungkol doon, ha. Masyado kang nagpapaliwanag, Miss Mosqueda.”

Really? Hindi siya papagalitan nito? Iyon ba talaga ang nadinig niya? *Aba!* Isang malaking himala ang nangyari! Nakahinga siya nang maluwag. “Akala ko talaga tungkol doon. Whew...” Nagpawis pa siya ng malamig kanina, wala naman palang dahilan. “Kung hindi po tungkol d’un, ano po?”

“May special task akong ipapagawa sa ’yo. Ikaw lang kasi ang nakikita kong qualified sa trabaho.”

Napakunot ang noo niya. “Overtime po ba ’yan nang walang bayad? ’Yun ba, Sir?”

“Of course not. Kung iniisip mo na hindi magiging sapat ang bayad sa ’yo, nagkakamali ka. It will be enough and you will love the task.”

“Love?” Sa salitang ginamit nito, nakakapagduda. Hindi niya kayang paniwalaan ang sinabi nitong malaki ang sasahudin niya kung sakaling tanggapin ang inaalok. Imposible yata iyon sa kanyang amo, sobrang kunat nito. “Seryoso po ba kayo, Sir?”

“Oo naman, pumapayag ka na ba?”

“Hindi ko naman alam ang trabaho na binibigay

n'yo. Paano ako papayag?” Baka mamaya niyan, mahirap pala ang ipapagawa nito sa kanya.

The old man cleared his throat. “Bukas, dadating ang isang investor na galing Amerika. Ikaw ang magpapakita sa kanya kung paano ka-professional ang *Sun Tours*, ililibot mo siya at sisiguraduhing mag-e-enjoy siya habang nandirito sa Pilipinas. Can you do it, Miss Mosqueda? Ang kinabukasan ng *Sun Tours* ay nasa iyong mga kamay.”

Nanlaki ang kanyang mga mata. *Sh*t!* Natameme siya. Napakalaki ng responsibilidad na ibinigay nito sa kanya. Oo nga, challenge ito ngunit hindi niya alam kung kaya niya bang mapangatawanan. Paano kung mabulilyaso ang lahat at ma-disappoint lang ni Irish ang investor?

Hay... ang hirap naman ng ipinapagawa nito. Bigla niyang naalala ang pangarap, ang makapunta sa Africa. Ito na ba ang pagkakataong matupad niya iyon? Sabi kasi ng amo, siguradong maganda raw ang magiging bayad sa kanya kung magiging maganda ang performance ni Irish. May pag-asa pa siyang magkaroon ng incentive. Siguradong mabubuo na ang kanyang ipon. So, ano'ng magiging desisyon niya?

Gumagalaw ang oras, hindi siya makapagdesisyon

kaagad. Ano ba'ng pipiliin niya? Umandar ang kanyang imahinasyon, isang matandang Amerikana ang naiisip niyang investor. If that would be the case, kayang-kaya niyang ilibot ito sa magagandang lugar dito sa Pilipinas. Siguradong makukuha niya ang loob nito.

Gumana na naman ang utak ng dalaga. Paano kung kabaligtaran ang mangyari? Paano kung isang lalaking guwapo't mayaman na mahirap i-please ang investor? Kakayanin kaya niya?

Bahala na nga lang! Kaya ko 'to! For Africa!

Huminga siya nang malalim. “Sige na nga po, Sir. Tinatanggap ko na ang inaalok ninyong trabaho.”

“Good! Aasahan kong gagawin mo ang lahat nang maayos at walang problema. You won't let me down, Miss Mosqueda.”

Parang gusto na niyang mag-back out subalit huli na para gawin pa iyon. Basta gagawin na lang niya ang lahat upang makuha ang loob ng investor.

Lahat ng ito ay para sa pangarap niya.

Lahat ay nasa ayos na, nandito na ang isang six-door luxury car. May nakahandang bote ng

champagne sa loob para sa isang mahalagang taong hindi pa nakikilala ni Irish. Napakahiwaga talaga ng investor dahil hinanap niya sa internet ang tungkol dito, pero wala siyang nakuhang information. Para bang sadyang nakatago ang lahat, top secret. Kahit nga larawan, wala siyang nakita, palaisipan talaga.

Hindi siya mapakali, panay ang lakad niya habang nasa waiting area ng airport. Halos treinta minutos na ang nakalipas pero hindi pa rin lumalabas ang mysteryosong investor. Akala niya ba Filipino lang ang laging nahuhuli sa usapan?

Kanina pa niya nadinig na dumating ang eroplanong galing Los Angeles, pero wala pa rin ito. Nangangawit na ang braso ng dalaga kakataas ng poster na may nakasulat na pangalang Mr. Gabriel Lawrence Arterton.

Damn that guy! Kung hindi niya lang kailangan ng pera, hindi niya gagawin ito.

Sa dinami-dami ng taong dumaan, iisa lang ang nakakuha ng kanyang atensyon. She spotted a man wearing a black jacket partnered with a V-neck shirt and faded jeans. His skin was tanned. Parang lagi itong nasa beach, nag-su-surf.

Hindi niya maialis ang mga mata sa lalaki. Parang

nililok ang lahat dito, walang kamalian. Napapaisip siya kung ano ang makikita sa likod ng suot nitong aviator shades. Ano kaya ang kulay ng mga mata nito? He had a pointed nose with a narrow nose bridge. Ang buhok nito ay gumagalaw nang malaya, nakakahalina. Huli sa lahat, ang mga labi nito'y natural na pula.

Dapat iniisip ni Irish ang tungkol sa investor. Unti-unting bumaba na pala ang mga kamay niya. Nakakapagtaka, bumabagal ang lahat. Hindi niya alintana ang lahat ng dumadaan. She was so attracted to him. Nawawala na yata siya sa katinuan. Kulang na nga lang ay tumakbo siya papalapit sa estranghero, sa napakaguwapong nilalang. Sa bawat yapak nito, sumasabay ang tibok ng kanyang puso.

Malapit na ito sa kanya. *Naku!* Ilang dangkal na lang ang layo nito. Natuliro si Irish, hindi alam ang gagawin. Ngayon naman, nakatingin na ito sa kanya. Bakit siya nito pinagmamasdan? Hindi na siya makahinga nang maayos, nanlalaki ang kanyang mga mata.

“H-how m-may I help you?” Nautal pa siya!

Tinanggal nito ang suot na salamin. Kulay abo pala ang mga mata nito. Itinuro nito ang hawak niyang poster. It took her a few seconds to realize

what was going on.

“You’re Mr. Gabriel Lawrence Arterton?”

Hindi nga? Siya si Mr. Gabriel Lawrence Arterton, ang mahalagang taong sagot sa aking pangarap?

“Hey, can’t you understand me?” he snapped.
“Hey, Miss.”

“Ahh... are you Mr. Gabriel Lawrence Arterton?”

“In the flesh. Where’s my ride?” Sa tono pa lang ng pananalita, may pagkasuplado na.

“Really? You *are* Mr. Arterton?” Wala rin kasing detalyeng ibinigay ang boss niya tungkol sa taong imi-meet.

“Jeez! I’m Gabe Arterton. Stop wasting my time. Where’s my ride?”

Mukhang mayaman ang lalaki.

Inayos ni Irish ang sarili, pinigilang mahalata sa kanyang mukha ang pag-aalinlangan niya. Huminga siya nang malalim, nakatulong iyon para mawala ang pagkatuliro niya.

“Mabuhay! Welcome to the Philippines! Right this way, Sir.” Mainit ang pagbati niya pero wala man lang itong reaksiyon. Ni hindi man lang ngumiti ang

paimportanteng lalaki.

Bago pa mag-init ang kanyang ulo at masupladuhan ulit siya nito, iginiya na niya ito patungo sa sasakyan.

Pagdating doon, wala ang inaasahan niyang reaksiyon mula sa lalaki. Mukhang hindi man lang ito nabonggahan sa magarang sasakyan. Sabagay, siguro para rito ay ordinaryong sasakyan lang iyon.

Grabe, parang mahihirapan siyang pakisamahan ang isang tulad nito. Ipinagbukas na lang niya ito ng pinto ng sasakyan. Pumasok na lang ang lalaki nang basta-basta.

Naningkit ang kanyang mga mata. Hindi napigilan ni Irish na bumulong. “Hindi marunong magpasalamat.”

Tumingin ito sa kanya na animo’y naiintindihan ang sinabi niya. Pero... Amerikano ito. Hindi kaya... Paano kung marunong itong mag-Tagalog?

Malabo...

Pumasok na siya sa loob. Umandar na rin ang sasakyan. Nakatitig pa rin ito sa kanya, nakakairita. Bumulong na naman siya. “Ano ba’ng problema mo? Ngayon ka lang ba nakakita ng maganda? Gandang-ganda ka sa ’kin, noh?” Ang lakas talaga ng loob niya,

hindi naman kasi siya nito naiintindihan.

“Hindi naman, madami din naman akong nakilalang magagandang babae. Karamihan mga modelo. So hindi na bago sa 'kin 'yan.”

Nanlaki ang kanyang mga mata. Kulang na lang bumagsak sa sahog ng kotse ang kanyang panga. Isang malaking kahihyan ang ginawa niya. Marunong nga itong magsalita ng Tagalog? At ang nakakapagtaka pa, matatas ito na parang taga-rito lang sa Pilipinas. Gusto niyang malusaw sa kinauupuan, hindi siya makatingin sa lalaki.

Mahina ang boses ni Irish. “Sorry po, Mr. Arterton.”

“What's your name?”

Lagot siya. Baka ireklamo na siya nito kaya inaalam na ang kanyang pangalan. Hayan kasi, dada pa siya nang dada. Kinarma tuloy siya.

Kinabahan siya. Ano ba ang gagawin niya? Sasabihin niya ba o hindi? *Naku!* Matatanggal pa yata siya sa trabaho.

Magpapaalam na siya sa kanyang pangarap na makapunta sa Africa.

Imbis na banggitin ang pangalan niya,

nagmakaawa siya dito. “Sorry talaga, Sir. Hindi na po mauulit, huwag n’yo pong babanggitin sa boss ko ’to. Siguradong tatanggalin niya ko sa trabaho. Please, Mr. Arterton.”

“Tinatanong ko lang naman ’yung pangalan mo. Wala akong sinabing ire-report kita kay Mr. Corona. Unless...”

“Unless what?”

“Unless you continue to refuse to tell me your name. I might talk to him about your behavior.”

Umupo na siya nang maayos. Kahit papaano ay hindi na siya kinakabahan. Mukha namang totoo ang sinabi nito. “Ako si Irish Mosqueda. Ako ang magiging tour guide at personal assistant mo habang nandito ka sa Pilipinas.” Inilahad niya ang kamay, gayak na makikipagkamay sa lalaki. Maganda pa ang ngiting ipinakita niya. Pinagmamasdan lang nito ang palad niya. Siya naman, parang tangang naghihintay.

“Hmm... I was expecting a man.”

Unti-unting bumaba ang kanyang kamay. *Gusto nito ng lalaki?* “Ano naman kung babae ako? May problema ba d’un, Sir?”

“Women are sensitive. Ano nga ba ’yung term ng

mga Pinoy d'un? Hmm, I remember, balat-sibuyas. Tama, 'yun nga. Baka umiyak ka pa habang kasama ako. Ipapaalala ko lang sa 'yo habang maaga pa, I'm not the typical boss. I'm not kind and considerate. Think you can handle that?"

Pero hindi ang tanong nito ang napagtuunan ni Irish. "Aba, hindi naman tama 'yan na maliitin mo kaming mga babae. Hindi lahat ng babae, sensitive. May mga katulad kong professional. I can assure you, kaya kong maging tour guide at personal assistant mo. Dare?"

He laughed out loud. Halos madinig sa labas ng sasakyan. Aaminin niya, maganda sa pandinig niya iyon.

"How courageous. Sige, tingnan natin kung hanggang saan ka tatagal."

Napalunok si Irish. Ano kaya ang mangyayari sa kanya? Kakayanin kaya niya si Gabe? Kailangan yata magplano siyang maigi. Hindi niya dapat mabigo ito. Mahirap na, malaki ang mawawala kapag natalo siya.

"Nanahimik ka yata, Miss Mosqueda. Having second thoughts already?"

Totoo ang sinabi nito, napapaisip talaga siya kung gugustuhin niya bang kasama ang isang tulad

nito. Pero ayaw niyang magpakita ng kahinaan.

“Of course not, Sir. Porke’t tumahimik, second thoughts na agad?” Pinalitan niya ang paksa para hindi na ito mag-usisa. Inilabas niya ang organizer. “You’re scheduled to meet Mr. Corona after an hour. Magtatanghalian daw po kayo kasama niya at ma—”

“Cancel it. I don’t want to talk about business right now. Ang gusto ko, magpahinga muna. Galing ako sa mahabang biyahe. Don’t you remember, Miss Mosqueda?”

“Pero, Sir Gabe, may mahalaga daw po kayong pag-uusapan.”

“Walang pero-pero. Ang gusto ko, manatili sa hotel at wala nang iba. Sino ba ang dapat mong sundin?”

Pinaiiral na yata nito sa kanya ang totoong ugali.

Hay... Kung hindi niya lang kailangan ng pera, tinanggihan na sana niya ang assignment na ito.

“Ikaw, ikaw ang dapat kong sundin, Mr. Arterton.”

“Good, I thought you’ll oppose me again.”

Timing na dumating sila sa magandang hotel na tutuluyan nito. Lumabas na lang itong basta-

basta, pinairal na naman ang ugali. Derecho sa loob ang lalaki at si Irish ay nakasunod na parang aso. Madaming staff ang sumalubong sa kanila. Mismong manager ng hotel ang nag-asikaso sa lalaki. Doon niya napagtanto na bigatin ang kasama, napakayaman siguro ni Gabe para asikasuhin nang todo-todo.

As Gabe pointed the door, mukhang naiintindihan ng mga di magkamayaw na manager at staff na gusto nang mapag-isa ng guest. Isa-isang nag-alisan ang mga ito. Dapat yata umalis na rin siya.

Hindi na siguro niya kailangang magpaalam. Tumalikod na si Irish.

Malapit na siya sa pintuan nang tawagin siya nito. “Saan ka pupunta, ha?”

“Di ba pinapalabas mo na kami? Iyon na nga ang gagawin ko, Sir.”

“Sinabi ko bang kasama ka?”

Nagkibit-balikat siya. “Akala ko po kasi, gusto ninyong magpahinga. Kailangan ko din pong kausapin si Mr. Corona para i-cancel 'yung appointment n'yo.”

“Hindi mo kailangang lumabas pa para lang tawagan siya, Irish.”

Pambihira. Daig pa nito ang general kung

makautos. Hindi yata ito marunong makiusap. Inilabas niya ang cell phone, hinanap sa contacts ang tatawagan. Nagri-ring na. Akala niya, siya ang makikipag-usap. Pero kinuha ni Gabe ang phone pagkatapos niyang makapag-hello.

Ito mismo ang nagsabi na hindi matutuloy ang lunch meeting. Sandali lang ang pag-uusap.

“Problem solved.” Ibinalik nito sa kanya ang cell phone. Umupo ang lalaki at pinagmasdan siya. “Maupo ka, Irish.”

Naiirita siya kapag tinitingnan siya nito, nakaka-conscious kasi. Iniiwasan niya ang mga mata nito.

“Mas gusto kong nakatayo, Mr. Arterton.”

“How old are you?”

“Bakit biglang doon napunta ang usapan?”

“Top secret ba 'yun? I have the right to know more about you. Baka mamaya niyan, hindi ka pala mapagkakatiwalaan.”

Kumunot ang noo ni Irish. Ano ba ang akala nito sa kanya, masamang tao? Hindi niya pinairal ang damdamin, malamang sasabihan pa siya nitong sensitive.

Pinapormal niya ang ekspresyon ng kanyang mukha. “Gusto mo bang makita ang *NBI* clearance ko? May dala akong IDs para sa ikapapanatag ng loob mo.”

He grinned at her. “Sige.”

Bad trip! Naninigurado talaga ang mokong. Mukha ba siyang criminal? Inilabas niya ang IDs at iba pang mga papeles. Inabot niya rito nang maayos ang mga iyon. Pinasadahan ni Gabe ang mga dokumento at cards pagkatapos ay ibinalik na sa kanya.

“Very well. I think I can trust you. Dahil sa ikaw ang assistant ko, dapat alam mo ang mga bagay na gusto ko’t ayaw ko, mga bawal at kung anu-ano pa.”

“Okay,” sagot lang niya.

“First, I hate seafood. Don’t ask why. Basta, ayoko. Pangalawa, ayoko ng late. Hindi ka puwedeng ma-late, kahit isang beses. I don’t want cream in my coffee.”

“Bakit naman, Sir? Walang buhay ang kape kapag walang creamer.”

“Basta, hindi ko gustong may creamer ang kape ko. Do I make myself clear? At lagi mong tatandaan na hindi ko kailangang magpaliwanag sa ’yo.”

Bigwasan niya kaya ang lalaki?

Hindi na lang niya masyadong pinansin ang mga sinabi ng paimportanteng boss.

“Ikaw ang masusunod. Black coffee for the king. Ano pa po?” Huli na, hindi napigilan ni Irish ang sarkastiko niyang tono.

Patay! Baka magreklamo na ito kay Mr. Corona na marami siyang side comments. Hindi siya makahinga nang maayos, inoobserbahan niya lang ito.

“You know, you’re different from my previous assistants. You’re stubborn.”

“Nag-comment lang ako. Bawal din ba ’yun?”

“Hindi naman. Actually, nag-e-enjoy nga ako sa pagiging ganyan mo.”

Totoo ba ang nadinig niya? Nagugustuhan ni Gabe ang ugali niya? Mahirap paniwalaan ngunit iyon ba talaga ang nadinig niyang sinabi nito?

Ayaw rin daw ng lalaki ang matatamis, lalo na ang chocolates. Hindi rin nito gusto ang mababagal, mabilis daw itong maglakad.

Isinulat na lang niya ang mga pet peeves nito, umaasang sa ganoong paraan ay wala siyang

Love Trip Sa 'Pinas - Joelle Madison

makalimutan.

2

Nag-doorbell si Irish sa hotel suite ni Gabe. Nakailang pindot na siya, wala pa ring nagbubukas. Ang sabi nito, ayaw na male-late siya.

Eh, ano'ng ginagawa niya ngayon?

She was about to ring on the bell again when the door opened.

Nanlaki ang kanyang mga mata, napalunok siya at nakaramdam ng pagkauhaw. Kahit sino naman yata ay ganoon ang mararamdaman kung may bubungad na *demigod* sa harapan. Indeed, a handsome demigod was in front of her. At mukhang kagagaling lang nito sa shower.

From his damp hair, water droplets ran down to the bunching muscles of his shoulders. Tuluy-tuloy pang bumaba iyon until they reached his hard chest and the hard slab of his belly.

Oh my God! Nagkakasala yata siya.

Kailangan niyang ipikit ang mga mata, dapat siyang tumalikod ngunit para siyang estatwang hindi makagalaw.

Kasing-bilis ng kidlat, hawak na pala siya ni Gabe, naipasok na siya sa loob. Ini-lock ng binata ang pinto. Bumilis ang tibok ng puso ni Irish, hindi alam ang gagawin. Napakalapit nito sa kanya.

Parang hihimatayin siya.

His face gently approached hers. *Oh my!* Ano'ng gagawin nito sa kanya? Hahalikan ba siya nito? *Naku!* Nagpa-panic na siya.

Tumunog ang cell phone, nag-alarm. Pupungas-pungas pa si Irish nang kinuha iyon, alas ocho ng umaga ang nakalagay. Panaginip lang pala ang lahat. Maaga pa naman, puwede pa siyang matulog.

Hanggang sa may naalala siya.

Naku! Patay siya kay Gabe! May brunch meeting nga pala ang lalaki kasama si Mr. Corona. Bumangon siya.

Nagmamadali siya. Naligo na siya, hindi alintana ang malamig na tubig. Pagkatapos, basta na kumuha ng damit. Wala na siyang pakialam kung pangit at hindi match o kung baduy man sa paningin ng iba. Bara-bara na ang pagsya-shampoo't pagsasabon na ginawa niya kanina makatapos lang nang mabilis.

Derecho na siya sa labas ng inuupahan, tumakbo

patungo sa kanto para makasakay ng taxi. Hindi siya mapakali. Kung kailan naman kailangan niya ng masasakyan saka wala.

Hala! Anong oras na! Nagdasal na siya. Parang dininig siya ng Diyos, may sumulpot na taxi.

Thank you, God! Maraming salamat talaga!

Pinara niya, hindi niya hinayaan na may mang-agaw. Pagtigil ng sasakyan, sumakay na siya. “Manong, Pasay tayo. Plus one hundred sa metro basta bilisan mo lang.”

“Yes, Ma’am!” Nagniningning naman ang mga mata ng driver. Malamang matutuwa talaga ito. Malaki ba naman ang dagdag sa metro.

Wala na siyang pakialam, kahit wala iyon sa budget. Ang mahalaga kay Irish ay makarating sa hotel bago pa ang alas nueve ng umaga. Ayaw niyang ma-disappoint ang lalaki. Kinakabahan siya, tingin siya nang tingin sa relo. Mabuti, smooth lang ang andar nila.

Aabot kaya siya sa tamang oras? Kung may super powers lang sana si Irish, nandoon na siya kaagad.

Saktong limang minuto bago ang nakatakdang oras, nasa harapan na siya ng hotel. One hundted

fifty pesos lang ang metro pero three hundred na ang ibinigay niya. Hindi na niya hinintay ang sukli, lumabas na siya kaagad ng sasakyan.

Tumakbo siya. Kailangang makaabot siya. Tumigil lang siya nang makarating sa lobby. Kinakapos siya ng hininga.

Yes! Nakarating ako! Hindi ako late!

Habang nagsasaya siya, may kumalabit sa kanya. Paglingon, natulala siya. Si Gabe pala iyon. Sino ba naman ang hindi matutulala? Ang guwapo nito sa suot na smart casual outfit.

Bakit ganito ang nangyayari sa kanya? Hindi siya makagalaw, nasa lalaki ang tingin niya. Panay na ang saway niya sa sarili subalit walang nangyayari. May sinasabi ito, hindi niya maintindihan. Inabot pa siya ng ilang segundo bago siya natauhan.

“Sir?”

Napailing ito. “Nasaan ba ang utak mo? Nandoon pa ba sa bahay mo? Kanina pa kita hinahanap. I thought you’d never come.”

“For your information, Sir Gabe, dumating ako dito five minutes bago mag-nine.”

“So, you’re a buzzer beater. Maswerte ka’t

umabot ka. Come, we need to get going. Mahalaga ang oras, madami pa tayong gagawin.”

Tumalikod na ito. Naningkit ang mga mata niya. Hanggang kailan niya kaya mapagtitiisan ang pagka-bossy nito? Nagkibit-balikat na lang ang dalaga at sumunod sa boss. Naalala niya ang mga notes niya; hindi nito gusto ang mabagal.

Ang bilis nga nitong maglakad, wari’y may karerang sinalihan.

Naku! Kailangan niya itong maabutan.

Para na siyang nagdya-jogging sa hitsura niya para masabayan ang lalaki. Akala siguro, hindi niya ito maaabutan. Nagkakamali ito!

“May marathon ba, Sir? Kaya mo naman pala ayaw nang mabagal, sobrang bilis mong maglakad.”

“Time is precious, every minute counts, Miss Mosqueda.”

“Kaya naman pala hot ang body mo.” Huli na ang lahat, naibulalas na iyon ni Irish. Siguradong dinig na dinig nito. Ano bang masamang espiritu ang pumasok sa katawan niya’t nasabi niya iyon? Panay ang sermon niya sa sarili. Hindi na niya mababawi pa. Hindi namalayang napatigil siya sa paglalakad.

Tumigil na rin ito at pinagmasdan siyang maigi, wala siyang makitang kahit anong ekspresyon sa mukha ng lalaki.

Patay! Ano kaya ang tumatakbo sa utak nito?

Pinagpapawisan siya bagaman airconditioned ang hotel.

“Are you attracted to me, Miss Mosqueda?”

Katahimikan ang namayani. Pagkatapos, tumawa siya nang malakas.

“Nagpapatawa ka ba, Sir? Porke’t sinabi kong hot ka, iyon agad ang iniisip mo? It’s just a compliment.”

“Good, mabuting klaro ang lahat,” anito, sabay lakad pauna.

Akala niya uusisain pa siya ni Gabe. Nakahinga siya nang maayos nang hindi na ito magkomento pa. Kasalanan naman niya kasi. Bakit pa nasabi pa niyang hot ang binata? Kakaiba talaga siya ngayon. Sinundan niya ito hanggang sa makarating na sila sa restaurant na kinaroroonan ni Mr. Corona.

Agad niyang nakita ang matandang boss.

Ngumiti ito at sinalubong sila. “Mr. Arterton, so nice to see you. I hope everything is to your

satisfaction.”

“It is, thank you. And thanks to Miss Mosqueda here,” tugon ng lalaki.

Totoo ba ang nadinig ni Irish? Pinapurihan siya nito’t hindi nagreklamo tungkol sa kanya?

“Sir Gabe...”

“Yes, Miss Mosqueda, is something wrong?”

“Never mind, Sir.” Umiling siya at halos sabay-sabay na silang umupo.

Wala siyang imik. Halo-halo ang nadarama niya katulad ng gutom, kaba at pagtataka. Nag-uusap na ang dalawang negosyante. Nakikinig lamang siya. Kape lang ang nasa mesa, wala man lang sandwich na pantawid-gutom. Paano siya mabubusog?

Lumipas ang mahigit isang oras, natapos na rin ang usapan ng dalawa. Umalis na ang matanda at sila na lang ang natira. Hindi pa rin siya nakakakain. Sa sobrang gutom, lahat ng napag-usapan ay hindi niya naintindihan. Wala rin siyang naisulat na kahit ano tungkol sa napag-meeting-an. Puro doodles lang ang nasa notebook niya. Pinansin siya ni Gabe nang bahagya niyang iatras ang upuan.

“Saan ka pupunta?”

“Lalabas sana, Sir.”

“Stay here.”

Sa sobrang gutom niya siguro kaya siya nakapagtaray.

“Sir, alam kong boss kita, pero baka po puwede akong mag-break? Gutom na po kasi ako, kanina pa 'ko hindi kumakain.”

Si Gabe ay cool na cool pa rin. “Kaya nga. Huwag ka nang lumabas at sabay na tayong kumain. Nagmamadali si Mr. Corona kaya hindi na ako nag-order ng kahit ano kanina.”

Inisip din siguro ni Gabe na maaasiwa siyang kumain habang masinsinang nag-uusap ang mga ito sa harap niya.

Inaalala rin pala nito ang sitwasyon niya. Umayos siya ng upo. Sumenyas ang binata sa waiter at binigyan sila ng menu. Iniwan sila ulit ng attendant.

“Choose whatever you want, Irish.”

Napadilat siya sa presyo ng pagkain.

*Sh*t! Ang mamahal naman ng pagkain dito! Isang putahe umaabot nang limang daang piso.*

Titiisin na lang niya ang gutom. Itiniklop ni Irish

ang menu folder at ibinababa iyon sa mesa. “Puwede bang sa iba na lang tayo kumain, Sir? Masyado kasing—”

“Huwag mong isipin ang presyo. I’ll take care of the bill. Pumili ka na.”

“Kahit ikaw pa ang may sagot, ayoko pa din.”

“Listen to your stomach, it’s complaining. I can hear it loud and clear. Kaya um-order ka na at huwag ka nang mareklamo. Sundin mo na lang ang gusto ko.”

“Ikaw ang bahala, ikaw ang pumili. Makulit ka masyado.”

Inobserbahan nitong maigi ang menu, mabilis na nakapili. May lumapit ditong waiter at sinabi ni Gabe ang order.

Nang sila na lang ulit, medyo naasiwa si Irish. Hindi niya alam kung paano pakikitunguhan ang boss. She cracked her knuckles. Halatang-halata sa kanya na hindi siya mapakali. Ganito pa lang nahihirapan na siya, paano pa kaya kapag nagpunta sila sa iba’t ibang lugar at sila lang ang magkasama?

Napansin nito ang kanyang hitsura. “Are you all right?”

“Oo naman! I’m fine, super-duper!”

He scanned her face. “Really? Bakit may pakiramdam akong nagsisinungaling ka? Is something bothering you? Tell me now.”

Nadulas siya. “Madami... este... wala, ’no! Wala po talaga, Sir.” Namali na naman siya ng sagot dito.

“May gusto ka bang itanong sa akin? You can ask me while we’re waiting.”

Nagdagsaan ang mga tanong sa utak ni Irish. Sa sobrang dami, hindi niya alam kung alin ang uunahin. Naisip na lang niyang itanong ang tungkol sa pagta-Tagalog nito.

“Paano ka natutong mag-Tagalog? Sabi ni Mr. Corona, Amerikano ka. Akala ko talaga magdudugo ang ilong ko kaka-Ingles sa ’yo.”

“He’s right, I’m an American but I have Filipino blood. Pinay ang nanay ko. Kahit sa Amerika ako lumaki, gusto niyang marunong akong mag-Tagalog para saka-sakaling pumunta ako dito, alam kong makipag-usap.”

“Do you have a girlfriend?” *Sh*t!* Hindi niya man lang pinag-isipan ang tanong niya. Masyadong personal na iyon.

Inaasahan na niya ang pagsusuplado ni Gabe ngunit hindi iyon ang nangyari.

“Wala akong oras para sa relationships. I’m okay with flings or one-night stands.”

Hindi naman pala big deal sa lalaki ang pag-usapan ang tungkol sa buhay pag-ibig. Ninerbyos pa man din siya, ganoon lang pala ang magiging reaksyon nito.

“Tbig sabihin, self-proclaimed playboy ka?”

He laughed; it was music to her ears. “Self-proclaimed? Wala naman akong sinabing playboy ako. Kung naglalaro ako, nakikipaglaro din sa akin ang mga babaeng ’yun. How about you?”

“Ako? Siyempre hindi puwede sa akin ang flings at one-night stands!”

“So, you’re the serious type, a pain in the ass?”

Tumalim ang mga mata ni Irish sa binata. “Naniniwala ako sa relasyon, na sa lalaking mamahalin ko lang ibibigay ang sarili ko. Masama ba ’yun, Sir Gabe?”

“May sinabi ba akong gan’un?”

Magsasalita pa sana siya subalit dumating na ang

in-order nito. Sa dami ng nakahain, duda siya kung kaya nilang ubusin iyon.

Amoy pa lang ng pagkain, mukhang masarap na. Kung may boses lang ang tiyan niya, kanina pa siguro siya sinisigawan. Natatakam na siya.

“Bakit hindi ka pa magsimula? I’m sure you’re hungry.”

Kumuha na siya kaagad, hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Gutom na gutom na talaga siya. Pinagmamasdan siya nito, wala siyang kamalay-malay. Wala siyang patid sa kakasubo. Muntikan na nga siyang mabulunan, mabuti na lang inabutan siya ng binata ng tubig. Ngayon niya lang napansin na siya lamang ang kumakain.

“Sir, bakit hindi ka pa kumakain?”

“Don’t mind me.”

“O-order ka ng madami, hindi ka naman pala kakain.” Uminom na siya ulit ng tubig.

“Sige na, kumain ka pa.”

Pinagtitripan ba siya nito? “Sir, baka po puwedeng saluhan n’yo ako para hindi ako masyadong mahiya.”

Natawa ito. “If that’s the case, pagbibigyan kita.”

Nang tapos na siyang kumain ay binuklat ni Irish ang planner para tingnan ang schedule nito. “Bukas po kayo naka-schedule na lumibot sa Manila.”

“Pero gusto ko nang mag-ikot ngayon. You’re the tour guide, ikaw ang bahala kung saan mo ’ko dadalhin. Basta kailangan kong ma-explore ang Pilipinas.”

Napangiti si Irish. Ito na ang kanyang pagkakataon para ipakita ang angking galing sa trabaho. Sisiguraduhin niyang magiging maayos ang lahat at mag-e-enjoy ito.

“Welcome sa *Luneta Park!*” Masigla ang pagkakasabi ni Irish, animo’y sangkaterbang turista ang kausap bagaman si Gabe lang ang kasama niya. “Nakapunta ka na ba dito, Sir Gabe?” Hinihintay niya ang tugon nito pero wala. Wala yatang balak na sumagot. “Fine, kung ayaw mong sumagot, eh, di huwag.”

“*Luneta Park* is also known as *Rizal Park*. Iyon ang dating tawag sa lugar na ’to. At saka *Bagumbayan*. May mga namatay na bayani dito. Alam mo ba kung sinu-sino?”

Sasagot kaya ang binata o hindi? Namayani ang

katahimikan, pero hinihintay niya pa rin ang lalaki.

Hindi niya inaasahang paluluguan siya nito. “Si Dr. Jose Rizal at ang tatlong paring martir o GOMBURZA.”

“Wow! Akala ko hindi mo alam ’yun!”

“Nagbabasa ako ng Philippine History books. Wala nga lang akong chance na mapuntahan ang mga historical sites dito.”

“First time mo pa lang dito sa *Luneta Park*?”

He nodded. “Actually hindi lang dito sa lugar na ’to. This is my first time here in the Philippines.”

Parang hindi siya makapaniwala sa sinabi nito. “Hindi mo pa pala nakikita si Rizal nang personal. Halika.” Hinatak ni Irish ang binata.

Sa paghawak niya sa braso nito, may kuryenteng dumaloy sa kanyang katawan. Bakit siya nagkakaganito? At parang nagugustuhan pa niya.

Nasa harap na sila ng monumento ni Rizal. “Ayan si Dr. Jose Rizal. Mr. Arterton, meet our national hero. Mag-hi ka sa kanya.”

“You’re crazy, Irish. Dalhin mo na nga ako sa ibang lugar.” Umandar na naman ang pagiging

palautos nito.

“Gagawin na nga po, Sir Gabe!” Hinatak na lang niya ulit ito at inilapit sa plake kung saan naka-inscribe ang tulang *Mi Ultimo Adios* ni Rizal.

Binasa iyon ni Gabe. May isa siyang nalaman tungkol dito. May interes ang binata sa kasaysayan. Inaasahan pa man din ni Irish na mabo-bore ito.

Nakikinig itong maigi sa mga sinasabi niya. May puntong nagtatanong pa ito sa kanya, interesado sa bagong natutunan. At ang hindi niya inaasahan, pati siya ay nag-enjoy sa pagtu-tour dito.

Lumipas na pala ang tatlong oras nang mabilis lang, hindi niya namamalayan.

“Sir, break muna?”

“Sure,” maikling sagot nito’t itinuro ang bakanteng bench sa malapit. Tumungo sila roon at umupo.

“In fairness, you’re a good tour guide. Memorize mo ang lahat kahit ang mga dates ng pangyayari. Mahusay kang storyteller.”

“Good lang?”

“Okay. You’re great. I’m sure, madaming

matutuwang turista kapag ikaw ang guide.”

Baka lumaki na ang kanyang ulo. Ang sarap sa pakiramdam na purihin nito. Namumula na ang mga pisngi ni Irish. Daig niya pa ang isang batang malaking achievement ang nakamit.

Lumiit pa ang boses niya. “Thank you, Sir.”

“Because I had a great time, what do you want for a reward?”

Reward? Kiss na lang, Sir! Ano ba naman ang pumasok sa utak niya? Bakit iyon? Niyugyog niya ang ulo.

“Hindi na po, Sir. Tungkulin ko talaga ’yun. Sapat na ang makitang nasiyahan ka sa mga pinuntahan natin.”

Hindi nagpumilit si Gabe. May nakakuha sa atensyon nito. Tinanaw niya ang tinitingnan nito. Iyon bang tinderero ng balut ang pinagmamasdan nito? Bakit naman? Saka niya lang naalala na laking Amerika nga pala ito.

May naisip siya. “Tara, Sir. May susubukan tayo.”

“Susubukan? Ano ’yun? Baka delikado, ha?”

“Hindi nga ako kriminal. Ipinakita ko na sa ’yo

'yung *NBI Clearance* ko, di ba? Basta sumama ka na."

Ang dominanteng boss ay tumayo. Aba! Marunong pala itong sumunod. Sinundan siya nito hanggang sa makalapit sa tindero ng balut. Wala pa ring kamalay-malay si Gabe kung ano ang gagawin nila. Siguradong hindi pa ito nakakatikim ng balut.

An impish smile curved her lips as she talked with the vendor. "Kuya, pabili nga po. Dalawang balut at dalawang penoy."

"Dalawang balut at dalawang penoy para sa isang magandang dalaga." Kumuha agad ang tindero.

"Kuya, 'yung mainit-init pa, ha."

"Oo ba, basta ba para sa 'yo, Miss Maganda." Binayaran niya iyon pagkaabot nito.

Kitang-kita sa mukha ng binata ang pagtataka. "Eggs?"

"Hindi ka pa nakakatikim ng balut?"

"I've heard about it. Pero tama ka, hindi pa ako nakakatikim n'yan."

"Grabe, madami pala akong dapat ituro sa 'yo. Watch and learn." Kumuha siya ng balot, binuksan. "Dapat lagyan mo ng asin, mas masarap pag meron."

'Tapos, higupin mo 'yung sabaw. Ganito." She demonstrated everything. Binuksan niya, kitang-kita ang sisiw at ang iba pang parte. Nilagyan niyang muli ng asin at kinain. "Sarap! Ikaw naman, Sir."

Nang mapalingon siya, hindi niya mapigilan ang matawa sa hindi maipintang ang hitsura nito. Namumutla ito, parang gustong masuka. Tila diring-diring si Gabe sa pagkain.

"No. Pass muna ako." Panay ang iling nito.

"Ang killjoy mo naman. Hindi mo pa nasusubukan para masabing hindi masarap. Subukan mo na kasi, siguradong magugustuhan mo din. Gusto mo pustahan pa tayo?"

"Kahit manalo pa ako, I won't do it."

"Duwag ka pala. Ito lang, pinandidirihan mo."

His eyes were penetrating. Parang matutusok siya. Duguan na si Irish kung kutsilyo lang ang mga mata nito. Kinakabahan siya, gusto niyang bawiin ang mga nabitiwang salita subalit hindi na maaari. She thought he was going to walk out on her, pero sa halip ay kinuha nito ang balot at binuksan ang tuktok katulad ng ginawa niya kanina. Nilagyan nito ng asin at pagkatapos ay hinigop ang sabaw. Pikit pa ang mga mata ng lalaki na wari'y nandidiri sa malalalahan.

Nang matikman, nag-iba ang hitsura ni Gabe.

“Ano? Masarap di ba? Masyado ka pang maarte, ayaw mo pang maniwala sa akin kanina.”

“Shh... I’m busy here.”

Kanina sobra kung mandiri, ngayon hindi paawat. Nag-e-enjoy pa ang lalaki habang kumakain ng balut. Kay-sarap nitong pagmasdan. Pagkatapos nitong kainin iyon, penoy naman ang sinubukan. “What’s this?”

“Penoy ’yan. Masarap din ’yan, mas malinamnam kesa sa ordinaryong nilagang itlog. Lagyan mo ulit ng asin.”

Kinain nga nito, halatang nagustuhan. “It tastes good. They look awful but taste heavenly.”

“Di ba sabi you can’t judge a book by its cover? Kailangan subukan mo muna basahin para malaman mo kung maganda ba o hindi. Ganoon lang din sa pagkain.”

He held her hand. Hindi iyon inaasahan ni Irish. Hindi lang kuryente ang dumaloy sa kanyang katawan. She felt warm inside. Ang puso niya’y tumitibok nang mabilis. Madami na siyang nakahawak-kamay ngunit iba ang pakiramdam ng nangyayari ngayon.

Love Trip Sa 'Pinas - Joelle Madison

Habang naglalakad sila, napapaisip pa rin siya. Mag-so-sorry ba siya kay Gabe sa mga pagtataray niya kanina?

Namasyal pa sila, sumubok pa ng kung anong pagkain—isaw, neck-neck at fishball.

Halata sa hitsura ni Gabe na libang na libang ito. Aminado si Irish na maging siya ay nag-enjoy nang todo.

3

May kumakatok sa pinto kaya nagising si Irish. Hindi pa yata tumitilaok ang manok, masyado pang maaga. Alas tres pa lang ng madaling araw. Sinong Hudas ang iistorbo sa kanya ng ganitong oras? Tinakpan niya ng unan ang ulo, walang balak bumangon. Pababayaang niya lang na kumatok ang nasa labas. Bahala ito!

Mas lalo pang tumindi ang pagkatok. Parang wawasakin ng nasa labas ang pinto.

Peste naman! Sino ba iyon?

Gusto yatang makatikim ng suntok at tadyak ng istorbo. Kunot ang noo niya, gulo-gulo ang kanyang buhok. Bad trip talaga siya. Naiisip niya ang magiging approach niya. Humanda talaga ito sa kanya.

Pagkabukas ng pinto, nanlaki ang mga mata ni Irish.

“Hi.” Si Gabe.

Naisara niya ang pinto nang hindi sinasadya. Her heart was beating rapidly. Hindi siya makahinga nang maayos. Ano ba naman kasi ang ginagawa ng binata rito? Dis oras pa ng gabi. At saka ito lang ang

day off niya simula nang dumating ito sa Pilipinas, dalawang linggo na ang nakakalipas. Wala na ba siyang karapatang magpahinga?

“Open the door, Irish.” He knocked again. “Open this door or I’ll do something you won’t forget.”

Sinasabi ng utak niya na huwag niya itong pagbuksan pero taliwas ang idinidikta ng kanyang puso. Nakakaawa naman ang lalaki kung hahayaan niyang nasa labas. Malamang papakin ito ng mga lamok, pagnanasaan ang maganda nitong balat. Bumuntong-hininga siya.

She unlocked the door by turning the knob. “Good morning, Sir Gabe.”

“May I come in?”

May magagawa ba siya? Alangan namang palayasin niya ito. Tumabi si Irish para padaanin ito. Naintindihan nito ang kanyang ginawa kahit hindi niya sabihin, pumasok na ang binata. Nilibot nito ng tingin ang kanyang inuupahan.

“Na-disappoint ka ba sa nakikita mo? Pasensya na kung maliit lang ang bahay ko, Sir.”

“Silly, bakit naman ako madi-disappoint? Ang cute nga ng lugar mo.”

“Cute? Ano’ng cute dito? Hindi totoo ’yan.” Iniba na lang ni Irish ang usapan. “Alam mo ba kung anong oras pa lang?”

“Siyempre naman. I have my watch. Alam kong it’s three o’clock.”

“Eh, bakit ka nandito? Nakalimutan mo bang rest day ko ngayon? Saka kanino mo nalaman ang address ko?”

Walang paalam na naupo ito sa sofa, komportable pa ito sa pormang naka-dekuwatro. “Ang dami mo namang itinatanong. I’m hungry. Do you want to eat outside?”

“Sir Gabe, sagutin mo na lang ang tanong ko.”

There was something in the way he looked at her. Nanghihina siya. Tumayo ito, lumapit sa kanya. Mga dalawang dangkal lang ang layo nila sa isa’t isa. Ano’ng binabalak nitong gawin? Nininerbyos tuloy siya. Dumampi ang hintuturo nito sa kanyang mga labi.

“Ang dami mong tanong, Irish.” Her name sounded so sweet coming from his lips. Gabe’s finger felt wonderful on her lips. Baka mahimatay siya sa sobrang kaba. Kailangan cool lang siya at composed. Hindi niya dapat pairalin ang nararamdaman.

Nagtanong siyang muli.

“Bakit ka nga nandito, Sir?”

Ibinaba nito ang kamay. “Gusto ko lang, no other reason. Satisfied? Can we eat breakfast now?”

“Puwede bang pagbihisin mo muna ako? Kagigising ko lang talaga, eh.”

“Hurry up. You only have ten minutes.”

“Ten minutes?” Napailing na lang siya.

Bahala itong maghintay, basta gagawin ni Irish ang gusto niya. Hindi siya magmamadali. She went to the bathroom and took a shower. Doon pa lang, inabot na siya ng fifteen minutes. Nag-ayos pa siya’t nagbihis kaya pagkalabas niya ng silid, busangot na ang mukha ng binata. Mukhang banas ito sa kanya.

Umiral na naman ang ugali nito. “Ang tagal mo naman. I’m starving! Didn’t you hear what I said? Sabi ko, ten minutes ka lang.”

“Hindi ka pa mamamatay, Mr. Gabriel Lawrence Arterton. For your information also, it’s my day off. I can do whatever I want. Hawak ko ang sarili kong oras kaya wala kang magagawa. Bwa-ha-ha-ha!” Pangkontrabida ang halakhak niya. Ang sarap pala sa pakiramdam na asarin ito.

“Ayos ka din, ah. Halika na nga, I want to eat.”

“Saan mo ba gusto?”

“You decide, you’re the tour guide.”

“Yan na lang lagi ang linya mo.” Nag-isip siya, hindi pa siguro nito nasusubukang kumain ng mga silog. “Alam ko na kung saan.”

Malapit lang ang kainan, isang kanto lang at kayang-kayang lakarin. Pinagmamasdan ng lalaki ang buong paligid habang naglalakad.

Hindi niya napansin na may papalapit na tricycle, halos mababangga na siya. Gabe immediately grabbed her hand and pulled her to his side. Suddenly, Irish was in his strong, muscular arms; she could feel the hard planes of his chest.

Damn! Nilukob ng init ang buong katawan niya.

“Are you all right?”

Hindi siya makasagot. Hindi niya mahanap ang boses niya.

She nodded. Kumawala siya mula sa pagkakayapos nito at nagpatuloy na sila sa paglalakad. Kahit papaano ay naging normal na ang kanyang paghinga. Katulad ng inaasahan niya, jam-packed ang kainan.

Madaming customer.

“Sir, keri n’yo bang kumain dito? Masarap ang mga silog dito.”

“Silog? Ano nga ba ’yun? Sinangag at itlog, right?”

“Hindi ka pa nga nakakatikim ng silog?”

“Nakatikim na ’ko ng tapsilog.”

“Iyon ba ang gusto mo? Naku! Masarap ang tapsilog dito, tocilog at lalong-lalo na ang tuyosilog. Siguradong mabubundat ka.”

“May iba’t ibang klase ng silog?”

“Tara, para matikman mo.” Gaya ng dati, parang nalilimutan niya ang kanyang limitasyon. Hinawakan niya ang lalaki sa braso na para bang hindi niya ito boss. Hinatak niya ito sa loob. Mabuti at may napuwestuhan pa sila. “Siguradong magugustuhan mo ’yung o-orderin ko.”

“Baka kung ano’ng mangyari sa ’kin pag kinain ko, ha.”

Wala pang limang minuto, naihain na sa kanilang mesa ang order niya. Mainit-init pa ang sinangag, umuusok pa. Nakakatakam ang napili niyang ulam,

tuyo at itlog na may kasama pang kamatis. Siguradong mapapadami ang kain niya. Dumako ang tingin niya kay Gabe, kunot ang noo nito. Halata sa lalaki na hindi nito kilala ang pagkain, parang nababahuan.

“Alam kong nasa isip mo, Sir. Masarap ’yan. Promise!”

“It’s the smell, it’s not appealing. Nakakawalang gana kaya!”

“Hay... ganyan ka ba talaga?” Panay ang iling niya. “You’ll miss half of your life kung hindi mo titikman ’to.”

“Oo na, ’eto na nga! I’ll try it, satisfied? Where are the utensils?”

“Maghugas ka ng kamay, magkakamay tayo. Mas masarap kumain kapag gan’un.”

“Hell no! I don’t want to! Get me a spoon and fork, now!”

Tumawa siya nang malakas, walang balak sumunod sa utos nito. “Para kang batang nagtatantrums. Huwag kang OA, ha. Maghugas ka na lang ng kamay. Siguradong mag-e-enjoy ka. Dali na, Gabe.” Nakakalimot na yata siya nang tuluyan, pangalan na lang ang naitawag niya rito.

Masama ang tingin ng lalaki sa kanya, hindi siya nagpatalo. Hindi niya hahayaang manalo ito ngayon. He pushed to his feet and went to the wash area.

I won! Aba! Marunong din palang sumunod ito, akala niya puro utos lang ang alam nitong gawin. Masarap pala sa pakiramdam na bawian ang binata. Habang abala si Gabe, gumawa na siya ng sawsawan, 'yung sukang may halong patis.

Pagbalik nito, masama pa rin ang tingin nito sa kanya. Nais niyang tumawa nang malakas dahil nababanas pa rin ito. Pinigilan niya lang ang sarili.

“Simulan na natin.”

“Hindi ako marunong magkamay.”

Tinawanan niya lang ito. “Ang tanda mo na, hindi ka pa marunong magkamay.”

“Para sa kaalaman mo, Miss Mosqueda, sa Amerika ako lumaki. Turuan mo na nga lang ako para hindi na 'ko maasar sa 'yo at matapos na 'tong kabaliwan mo.”

“This is not madness, Mr. Arterton. Siguradong magugustuhan mo ang gagawin natin.”

Naghugas na rin siya ng kamay at sinimulang turuan ang lalaki. The man listened carefully.

Nakamasid ito habang nagde-demo.

“Ganito lang ang gagawin mo. Maghihimay ka muna ng tuyo. Pagkatapos, isawsaw mo sa suka. Sunod, ilalagay mo sa kanin at maglagay ka ng kapisasong itlog. Hulmahin mo 'yung kaning nilagyan mo ng ulam para magsama-sama. Parang ganito lang.” Ipinakita niya. “Presto, nakakain ka na.”

“Matrabaho, just give me a spoon and fork.”

“Makisama ka na, subukan mo na. Wala namang mawawala sa 'yo.”

Gabe huffed. Mukhang magwo-walkout na ito. Saka niya naisip na sumosobra na yata siya. Hindi niya dapat pinilit ito. Sabi pa man din ng lalaki ay gutom na ito.

Nagulat siya nang magsimula itong kumain nang nakakamay. Medyo nahihirapan pa ang binata subalit nakakain pa rin ito. Sa unang subo, kakaiba ang naging expression ng mukha nito.

“Oh my God! This tastes good!” Sumubo pa ito. Hindi ito tumitigil kahit mali-mali ang pagkakamay.

“See, di ba sabi ko magugustuhan mo 'yang tuyosilog.”

Nakakatuwa itong pagmasdan, mas nagkaroon

Love Trip Sa 'Pinas - Joelle Madison

tuloy siya ng ganang kumain. Nag-usap sila habang kumakain. Madami pa pala itong hindi natitikman gaya ng suman, sapin-sapin, daing at ang masarap na bagoong. Hindi na siya makapaghintay na ipatikim sa lalaki ang mga iyon.